*Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon*

# LITURGY OF THE HOURS

## PANALANGIN SA TAKIPSILIM

Ika-28 ng Nobyembre, 2025

{ Ika-34 Biyernes sa Karaniwang Panahon }

LITURGY OF THE HOURS EBREVIARY

*Tumayo at gawin ang tanda ng krus*

O Diyos, halina at ako'y tulungan.

— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

## Awit

Sa iyo'y pasasalamat, Amang sa 'mi'y nagtanim,
Ng iyong ngalang banal sa mga puso namin.
Pananampalataya't buhay na walang maliw,
Ang Anak mong si Hesus ang sa ami'y ihain.

Tunghayan mong may awa ang banal mong Simbahan,
Ilayo sa masama at lagi mong bantayan,
Gawin mo kaming ganap sa iyong pagkamahal,
Linisin at iayon sa iyong kalooban.

Tulad ng mga butil, na dati'y nagsiwalat,
Nang ito ay nag-uhay, 'sang tinapay naganap;
Kaya't saan mang dako, Simbahan ay ikalap
Tungo sa paghahari ng 'yong banal na Anak.

*Umupo o tumayo*

## Mga Antipona at Salmo

*Antipona 1*

Panginoon, iligtas mo ako sa kamatayan, at huwag mo akong pabayaan.

*Salmo 116:1-9*

*(Pasasalamat)*

Mahal ko ang PANGINOON, pagkat ako'y dinirinig,
Dinirinig niya ako, sa dalangin ko at hibik;
Ako'y kanyang dinirinig tuwing ako'y tumatawag,
Kung ako ay tumatawag, sinasagot niya agad.

Noong ako'y mahuhulog sa bingit ng kamatayan,

Nadarama ko ang tindi ng takot ko sa libingan;
Lipos ako ng pangamba at masidhing katakutan.
Sa ganoong kalagayan, ang PANGINOON ang tinawag ko,
At ako ay nagsumamo na iligtas niya ako.

Mabuti ang PANGINOON, siya'y mahabaging Diyos,
Tunay siyang mahabagin at mapagpahinuhod.
Ang PANGINOON ang nag-iingat sa wala nang sumaklolo,
Noong ako ay manganib, iniligtas niya ako.

Manalig ka, O puso ko, sa Diyos ka magtiwala,
Pagkat siya ay mabuti't di marunong magpabaya.
Ako'y kanyang iniligtas sa kuko ng kamatayan,
Tinubos sa pagkatalo, at luha ko'y pinahiran.

Sa harap ng PANGINOON doon ako mananahan,
Doon ako mananahan sa daigdig nitong buhay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Panginoon, iligtas mo ako sa kamatayan, at huwag mo akong pabayaan.

*Antipona 2*

Ang hangad kong tulong ay sa Diyos nagmumula, sa Diyos na lumikha ng langit at lupa.

*Salmo 121*

*(Tagapagtanggol ng kanyang bayan)*

Sa gawi ng bundok, tumitingin ako,
Saan manggagaling ang aking saklolo?
Ang hangad kong tulong, sa Diyos magmumula,
Sa Diyos na lumikha ng langit at lupa.

Huwag sana akong bayaang mabuwal,
Handang lagi siya sa pagsasanggalang.
Ang tagapagtanggol ng bayang Israel,
Hindi natutulog at palaging gising!

Ang Diyos na PANGINOON, siyang magbabantay,

Laging nasa piling, upang magsanggalang.
Di ka magdaramdam sa init ng araw,
Kung gabi ay di ka sasaktan ng buwan.

Sa mga panganib, ikaw'y ililigtas
Nitong PANGINOON, siyang mag-iingat.
Saanman naroon, ikaw'y iingatan,
Di ka maaano kahit na kailan.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Ang hangad kong tulong ay sa Diyos nagmumula, sa Diyos na lumikha ng langit at lupa.

*Antipona 3*

Haring walang hanggan, matuwid at totoo ang iyong mga daan.

*Awit: Pahayag 15:3-4*

*(Awit ng Pagsamba)*

PANGINOONG Diyos na Makapangyarihan sa lahat,
Dakila at kahanga-hanga ang iyong mga gawa!
O Hari ng mga bansa,
Matuwid at totoo ang iyong mga daan!
Sino ang hindi matatakot sa iyo, PANGINOON?
Sino ang tatangging magpahayag ng iyong kadakilaan?

Ikaw lamang ang banal!
Lahat ng mga bansa ay lalapit at sasamba sa iyo,
Sapagkat nakita ng lahat ang matuwid mong mga gawa.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Haring walang hanggan, matuwid at totoo ang iyong mga daan.

*Umupo*

## Pagbasa ng Salita ng Diyos

*1 Corinto 2:6-10a*

Ngunit sa mga may sapat na gulang sa pamumuhay espirituwal, karunungan ang ipinangangaral namin, subalit hindi karunungan ng sanlibutang ito o ng mga tagapamahala sa ngayon na nakatakdang malipol. Ang tinutukoy ko ay ang panukala ng Diyos, na nalihim sa tao; itinalaga niya ito para sa ating ikaluluwalhati, bago likhain ang sanlibutan. Isa man sa mga tagapamahala sa kapanahunang ito'y walang nakaunawa sa panukalang iyon. Sapagkat kung naunawaan nila iyon, hindi sana nila ipinako sa krus ang dakilang PANGINOON. Ganito ang sinasabi ng Kasulatan,

"Hindi pa nakikita ng mata, ni naririnig ng tainga, Hindi pa rin sumasagi sa isip ng tao,

Ang inihanda ng Diyos sa mga umiibig sa kanya."

Subalit ito'y inihayag ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng Espiritu.

*Tugunan*

Namatay si Kristo para sa ating kasalanan upang sa Diyos ay maging alay.

— Namatay si Kristo para sa ating kasalanan upang sa Diyos ay maging alay.

Namatay siya sa mundong ito na makasalanan, ngunit sa kapangyarihan ng Espiritu, siya'y muling nabuhay,

— upang sa Diyos ay maging alay.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.

— Namatay si Kristo para sa ating kasalanan upang sa Diyos ay maging alay.

*Tumayo*

## Papuring Awit ni Maria

*Antipona*

Alalahanin mo, Panginoon, ang iyong awa, ang sumpang binitiwan

mo sa aming mga magulang.

*Lukas 1:46-56*

*Gumawa tanda ng krus*

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan —
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.
Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Alalahanin mo, Panginoon, ang iyong awa, ang sumpang binitiwan mo sa aming mga magulang.

## Pangkalahatang Panalangin

Dakilain natin si Kristo, ang mahinahon at maawaing Panginoon, na pumapawi ng luha ng mga umiiyak. Tumawag tayo sa kanya nang may pagmamahal:

— Mahabag ka sa iyong bayan, Panginoon.

Panginoong Hesus, tinatangkilik mo ang mga mabababang loob,
pakinggan ang hinaing ng mga dukha.

— Mahabag ka sa iyong bayan, Panginoon.

Maawaing Diyos, dinggin ang mga iyak ng mga nagaagaw-buhay,
sa iyong pakikipiling, pagaanin ang kanilang kalooban.

— Mahabag ka sa iyong bayan, Panginoon.

Tulutang maunawaan ng mga pilit na pinalikas ang mapagtangkilik na pag-ibig,
makabalik nawa sila sa kanilang tahanan sa lupa at makapasok sa kanilang tahanan sa langit.

— Mahabag ka sa iyong bayan, Panginoon.

Kaawaan ang mga makasalanan na lumayo sa iyong pagmamahal,
magbalik-loob nawa sila sa iyo at sa iyong Simbahan.

— Mahabag ka sa iyong bayan, Panginoon.

Iligtas ang aming mga kapatid na yumao,
makibahagi nawa sila sa ganap na kaligtasang dulot mo.

— Mahabag ka sa iyong bayan, Panginoon.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

## Pangwakas na Panalangin

Ama,
nagpapahayag ang kabalintunaan ng krus
ng iyong walang hanggang karunungan.
Tulungan mo kaming makita na ang kadakilaan ng iyong Anak
ay ipinamalas niya sa pagpapakasakit
na malaya niyang tinanggap.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

*Paghayo*

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila

mobile prayers

LITURGY OF THE HOURS
EBREVIARY

UNITED STATES OF AMERICA

*www.ebreviary.com*